# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 24*
# *Pakikipagkaibigan sa Dios Yugto 3*

***"13 Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan.14 Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo.15 Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo." (Juan 15:13-15)***

Ang pakikipagkaibigan kay Cristo ay tunay na pakikipagkaibigan, ***"16 Ang kaniyang bibig ay pinakamatamis: Oo, siya'y totoong kaibigibig. Ito'y aking sinta at ito'y aking kaibigan, Oh mga anak na babae ng Jerusalem." (Awit ni Solomon 5:16)*** Mula sa pakikipagkaibigan kay Cristo ating natanggap sa salita ni Cristo, karunungan at direksyon sa buhay. *Si Jesus ang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon at nais Niya mula sa mga sumusunod sa Kanya, kabanalan, kalinisan ng puso at kalinisan ng bibig. Sa mga may ganoong pamantayan sila'y mga kaibigan ni Jesus* gaya ng sinasabi ng Salita ng Dios sa atin, ***"Siyang umiibig ng kalinisan ng puso, dahil sa biyaya ng kaniyang mga labi ay magiging kaniyang kaibigan ang hari." (Kawikaan 22:11)*** *At sa ganoong uri ng mga tao na mga kaibigan ni Jesus kailangan nating makipagugnayan at makipagtulungan at maglingkod sa Dios. Sila talaga ay ating mga kapatid kay Cristo Jesus na ating Panginoon.*

*Ang mga kaibigan ni Cristo ay tapat at matuwid na mga tao na kumikilos para sa katarungan at kabanalan. Sila'y mabubuhay, magtatama, magsasaway, at magtuturo sa mga tao ng ayon sa Salita ng Dios*. Ang sumusunod na nasa babang halimbawa ay tunay na mga kaibigan at tunay na pakikipagkaibigan kay Jesus:-

***1. Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay masipag upang abutin ang naliligaw:*** Si Cristo ay nakipaglapit sa mga makasalanan upang salitain sa kanila ang Salita ng Dios at upang ipanalo sila para sa Dios; Siya ay binatikos para doon ngunit siya'y nagpatuloy na gawin yaon ng may marangal na layunin, ***"Naparito ang Anak ng tao na kumakain at umiinom, at sinasabi nila, Narito, ang isang matakaw na tao at isang manginginom ng alak, isang kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan! At ang karunungan ay inaaring-ganap ng kaniyang mga gawa." (Mateo 11:19) "Naparito ang Anak ng tao na kumakain at umiinom; at inyong sinasabi, Narito ang isang matakaw na tao, at isang magiinum ng alak, isang kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan!" (Lucas 7:34)*** Si Cristo ay nakipagkaibigan sa mga tao upang ipakita sa kanila ang presensya at kapangyarihan ng Dios, at upang para sa Kanya ay maibigay sa kanila ang Salita ng Dios. *Sa mga mayroong parehong pagiisip ni Jesus na ginagawa ang kanilang makakaya na yumaon at hanapin para sa naliligaw na tupa sila ang mga kaibigan natin at kailangan nating makipagkaibigan sa ganoong uri ng mga tao na mayroong parehong pagiisip ni Cristo*. Sa talinghaga ng naliligaw na tupa at ang nawawalang barya, nang ang tao ay nasumpungan ang kanyang hinahanap siya'y umalis at nakipagsaya sa kanyang mga kaibigan: ***"6 At paguwi niya sa tahanan, ay titipunin niya ang kaniyang mga kaibigan at ang kaniyang mga kapitbahay, na sasabihin sa kanila, Makipagkatuwa kayo sa akin, sapagka't nasumpungan ko ang aking tupang nawala." (Lucas 15:6) "9 At pagka nasumpungan niya, ay titipunin niya ang kaniyang mga kaibigan at mga kapitbahay, na sinasabi, Makipagkatuwa kayo sa akin, sapagka't nasumpungan ko ang isang putol na nawala sa akin." (Lucas 15:9)*** *Kapag ikaw ay mayroong parehong pagiisip ni Jesus sa paghahanap para sa naliligaw na tupa sa gayo'y ikaw ay isang kaibigan ni Jesus, at makikita mo sa paligid mo ang mga tao na mayroong parehong pagiisip sa paghahanap para sa naliligaw na tupa at ikaw ay magagalak sa kanila sa kung anong naabot ng Dios sa pamamagitan ng iyong buhay*.

*Kapag ang iyong buhay ay lumayo mula sa pagtutok sa naliligaw at kapa ang iyong kagalakan ay hindi sa paghahanap ng naliligaw na tupa, sa gayo'y ikaw ay hindi kaibigan ni Jesus, at makikita mo ang sarili na tinatangkilik ang pakikisama at pagdiriwang ng mga kaganapang malayo mula sa marangal na layuning iyon ni Jesus. Ang ganoong pag uugali ng matandang anak na lalaki ay hindi katanggap tanggap kay Cristo*. ***"Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi sa kaniyang ama, Narito, maraming taon nang kita'y pinaglilingkuran, at kailan ma'y hindi ako sumuway sa iyong utos; at gayon ma'y hindi mo ako binigyan kailan man ng isang maliit na kambing, upang ipakipagkatuwa ko sa aking mga kaibigan:" (Lucas 15:29)*** *Nais ni Cristo na ibigay mo ang iyong kagalakan sa paghahanap para sa naliligaw at hindi sa kabilang banda ng mga kaganapan, programa at aktibidadis*. Si Cristo ay nagturo pa tungkol sa pagyaon sa pagabot sa naliligaw. ***"At sinabi rin naman niya sa naganyaya sa kaniya, Pagka naghahanda ka ng isang tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamaganak, ni ang mayayamang kapitbahay; baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at gantihan ka." (Lucas 14:12)*** *Ang hangarin n ni Cristo ay upang abutin ang naliligaw at sa mga hindi naabot, at nais Niya sa Kanyang mga kaibigan na maglaan ng kanilang salapi at pagsisikap sa parehong direksyon*. ***"13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag,14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap." (Lucas 14:13-14)***

***2. Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay masigasig upang itama ka para sa iyong mga mali:*** Sa talinghaga ng kasal ng piging, ang tao na dumalo ng walang damit pangkasal ay sinaway, ***"1 At sumagot si Jesus at muling pinagsalitaan sila sa mga talinghaga, na sinasabi,2 Tulad ang kaharian ng langit sa isang hari na naghanda ng piging ng kasalan ng kaniyang anak na lalake,3 At sinugo ang kaniyang mga alipin upang tawagin ang mga inanyayahan sa piging ng kasalan: at sila'y ayaw magsidalo.4 Muling nagsugo siya sa ibang mga alipin, na sinasabi, Sabihin ninyo sa mga inanyayahan, Narito, inihanda ko na ang aking piging; pinatay ko ang aking mga baka at mga hayop na matataba, at ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na: magsiparito kayo sa piging ng kasalan.5 Datapuwa't hindi nila pinansin, at sila'y nagsiyaon sa kanilang lakad, ang isa'y sa kaniyang sariling bukid, ang isa'y sa kaniyang mga kalakal; 6 At hinawakan ng mga iba ang kaniyang mga alipin, at sila'y dinuwahagi, at pinagpapatay.7 Datapuwa't ang hari ay nagalit; at sinugo ang kaniyang mga hukbo, at pinuksa ang mga mamamataytaong yaon, at sinunog ang***

***kanilang bayan.8 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alipin, Nahahanda ang kasalan, nguni't hindi karapatdapat ang mga inanyayahan. 9 Magsiparoon nga kayo sa mga likuang lansangan, at anyayahan ninyo sa piging ng kasalan ang lahat ninyong mangasumpungan. 10 At nagsilabas ang mga aliping yaon sa mga lansangan, at kanilang tinipon ang lahat nilang nangasumpungan, masasama at mabubuti: at napuno ng mga panauhin ang kasalan.11 Datapuwa't pagpasok ng hari upang tingnan ang mga panauhin, ay doo'y nakita niya ang isang tao na hindi nararamtan ng damit-kasalan:12 At sinabi niya sa kaniya, Kaibigan, ano't pumasok ka rito na walang damit-kasalan? At siya'y naumid.13 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa mga naglilingkod, Gapusin ninyo ang mga paa at mga kamay niya, at itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas; diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 22:1-13)*** Ang isa sa nagsaway sa taong iyon ay tinawag siyang ***"Kaibigan".*** *Ang totoong mga kaibigan ni Jesus at ay angkop na maging iyong kaibigan, na magtutuwid sa iyo at ipapakita ang iyong maling gawain dahil iniibig ka at aalagaan ka sa tamang paraan.* ***"6 Tapat ang mga sugat ng kaibigan: nguni't ang mga halik ng kaaway ay malabis." (Kawikaan 27:6)*** Ang pagsaway ng isang kaibigan ni Jesus ay tunay at totoong mga bagay na iyong matatanggap.

***3. Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay mapagkumbabang mga tao at hindi nila hinahangad ang posisyon, pagkilala o karangalan: "8 Pagka inaanyayahan ka ninomang tao sa kasalan, huwag kang uupo sa pangulong luklukan; baka mayroon siyang anyayahang lalong marangal na tao kay sa iyo,9 At lumapit yaong naganyaya sa iyo at sa kaniya, at sabihin sa iyo, Bigyan mong puwang ang taong ito; at kung magkagayo'y magpapasimula kang mapahiya na mapalagay ka sa dakong kababababaan. 10 Kundi pagka inaanyayahan ka, ay pumaroon ka at umupo ka sa dakong kababababaan; upang kung dumating ang naganyaya sa iyo, ay sa iyo'y sabihin niya, Kaibigan pumaroon ka pa sa lalong mataas: kung magkagayo'y magkakaroon ka ng kaluwalhatian sa harap ng lahat na mga kasalo mong nangakaupo sa dulang." (Lucas 14:8-10)*** *Kapag ikaw ay magpagkumbaba at handang magpakababa sa mababang posisyon sa gayo'y ikaw ay kaibigan ni Jesus, at Siya lamang ang magpapaparangal sa iyo at magtataguyod sa iyo sa Kanyang tamang panahon.*

***4. Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay hindi kumikilos batay sa pakikipagugnayan o batay sa damdamin, bagkus sila'y kumikilos batay sa mga simulain ng Salita ng Dios: "5 At sinabi niya sa kanila, Sino sa inyo ang magkakaroon ng isang kaibigan, at paroroon sa kaniya sa hating gabi, at sa kaniya'y sasabihin, kaibigan, pahiramin mo ako ng tatlong tinapay;6 Sapagka't dumarating sa akin na galing sa paglalakbay ang isa kong kaibigan, at wala akong maihain sa kaniya;7 At siya na mula sa loob ay sasagot at sasabihin, Huwag mo akong bagabagin: nalalapat na ang pinto, at kasama ko sa hihigan ang aking mga anak; hindi ako makabangon at makapagbigay sa iyo 8 Sinasabi ko sa inyo, Kahit siya'y hindi bumangon, at magbigay sa kaniya, dahil sa siya'y kaibigan niya, gayon ma'y dahil sa kaniyang pagbabagabag ay siya'y magbabangon at ibibigay gaano man ang kinakailangan niya." (Lucas 11:5-8)*** Ang lalaking ito sa talinghagang ito at nagpunta sa kanyang kaibigan upang humingi sa kanya ng ilang tinapay para sa isang kaibigan na dumating sa kanya. *Ang mga kaibigan ni Jesus ay tutulong sa mga nangangailangan at yaon ang ginawa ng lalaking ito nang siya ay umalis at naghanap ng tinapay mula sa ibang kaibigan.* Ang ibang kaibigan ay hindi tumayo at binigyan siya ng tinapay batay sa pakikipagkaibigan, kundi batay sa kanyang patuloy na pagkatok. Ano ang maari mong matutunan mula dito, na yaong mga kaibigan ni Jesus ay hindi kikilos batay sa makamundong pakikipagkaibigan o batay sa damdamin, ngunit sila'y kikilos batay sa mga tuntunin ng Salita ng Dios.

***5. Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay ang tao na makakakuha ka mula sa kanila ng isang totoong payo at isang masiglang payo: "9 Ang unguento at pabango ay nagpapagalak ng puso: gayon ang katamisan ng kaibigan ng tao na nagbubuhat sa maiging payo." (Kawikaan 27:9)*** Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay ang mga tao na makakakuha ka mula sa kanila ng isang tunay na payo at isang makakatotohanang payo. Kaya naman, ***"10 Ang iyong sariling kaibigan at ang kaibigan ng iyong ama, ay huwag mong pabayaan; at huwag kang pumaroon sa bahay ng iyong kapatid sa kaarawan ng iyong kasakunaan: maigi ang kapuwa na malapit kay sa kapatid na malayo." (Kawikaan 27:10)*** Ang mga kaibigan ni Jesus ay ang mga taong masigasig at sila'y katulad ni Jesus na malapit sa Kanyang bayan na umiibig sa Kanya. Magagawa nila ang imabubuting bagay sa iyo maging katulad ng iyong sariling kapatid.

Ang mga kaibigan ni Jesus ay tunay at husto. Hindi ka nila papupurihan ni palalayawin bagkus sila'y magbibigay ng tamang payo, ***"14 Siyang nagpapala sa kaniyang kaibigan ng malakas na tinig, na bumabangong maaga sa kinaumagahan, mabibilang na sumpa sa kaniya." (Kawikaan 27:14)*** Ang mga kaibigan ng sanglibutan papupurihan ka nila at pagmamalaking lilinlangin ka at yaon ay katulad ng isang sumpa dahil sila'y nauugnay sa iyo ng isang bagay na hindi totoo.

***6. Ang totoong mga kaibigan ni Jesus at mabuting kasangkapan para sa iyo upang patalasin ka at tulungan ka na maging mas maayos at epektibo sa iyong ministerio para maglingkod sa Panginoon: "17 Ang bakal ay nagpapatalas sa bakal; gayon ang tao ay nagpapatalas sa mukha ng kaniyang kaibigan." (Kawikaan 27:17)*** Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay mabuting kasangkapan ng Dios upang paunlarin ka sa iyong paglilingkod at ministerio sa Panginoon. *Kikilos ang Dios sa iyo at dadalhin ka malapit sa Kanyang mga kaibigan na gagawin kang lumago at tulungan ka sa pag unlad sa iyong minsiterio upang maging mas mahusay at epektibo at mas mamunga.*

***7. Ang totoong mga kaibigan ng Diyos ay ang totoong mga tao na nakatayo sa tabi mo habang tumatayo ka para sa Dios:*** Si Haring David ay napapaligiran siya ng totoong mga kaibigan ng Dios at sila ang mga tao na tumulong sa kanya upang malampasan ang pakikibaka na nakuha niya sa kanyang sariling anak na si Absalom. Si Husai ay isa sa kanila gaya ng iyong mababasa dito: ***"Sa gayo'y si Husai na kaibigan ni David ay pumasok sa bayan; at si Absalom ay pumasok sa Jerusalem." (2 Samuel 15:37) "At sinabi ni Absalom kay Husai, Ito ba ang iyong kagandahang loob sa iyong kaibigan? bakit hindi ka sumama sa iyong kaibigan?" (2 Samuel 16:17)*** *Ang mga kaibigan ng Dios ay ang totoong mga tao na nakatayo sa tabi mo habang ikaw ay naninindigan para sa Dios, at sila'y mas mabuti kaysa sa sariling mong pamilya.* Malaking bilang ng hukbo na mga kaibigan ng Dios na tumulong kay David sa kanyang pakikibaka kay Absalom, at iyon ay tumulong kay David upang mapagwagian ang labanan kung saan si Absalom ay namatay. Nang nalaman ni David na

si Absalom ay namatay siya ay tumangis at umiyak at hindi tinanggap ng maayos ang hukbo na bumalik mula sa tagumpay. Para sa gawang ito at pag uugali ni David, sinaway siya ni Joab at ipinaalala sa kanya na maging tapat sa Dios at manindigan sa mga tapat na mga kaibigan na tumulong sa kanya sa kanyang laban buhat sa masama. ***"1 At nasaysay kay Joab; narito, ang hari ay tumatangis at namamanglaw dahil kay Absalom.2 At ang pagtatagumpay sa araw na yaon ay naging kapanglawan sa buong bayan: sapagka't narinig ng bayan na sinasabi sa araw na yaon. Ang hari ay nahahapis dahil sa kaniyang anak.3 At ang bayan ay pumasok sa bayan na patago sa araw na yaon, na gaya ng pagpasok ng bayang napapahiya pagka tumatakas sa pagbabaka.4 At tinakpan ng hari ang kaniyang mukha, at ang hari ay sumigaw ng malakas. Oh anak kong Absalom, Oh Absalom, anak ko, anak ko!5 At pumasok si Joab sa bahay, sa hari, at nagsabi, Iyong hiniya sa araw na ito ang mga mukha ng lahat na iyong lingkod na nagligtas sa araw na ito ng iyong buhay, at ng mga buhay ng iyong mga anak na lalake at babae, at ng mga buhay ng iyong mga asawa, at ng mga buhay ng iyong mga babae;6 <u>Sa iyong pagibig sa nangapopoot sa iyo, at pagkapoot sa nagsisiibig sa iyo</u>. Sapagka't iyong inihayag sa araw na ito, na ang mga prinsipe at mga lingkod ay walang anoman sa iyo: sapagka't aking nagugunita sa araw na ito, na kung si Absalom ay nabuhay, at kaming lahat ay namatay sa araw na ito, ay disin nakapagpalugod na mabuti sa iyo.7 Ngayon nga'y bumangon ka, ikaw ay lumabas, at magsalita na may kagandahang loob sa iyong mga lingkod: sapagka't aking isinusumpa sa pangalan ng Panginoon, na kung ikaw ay hindi lalabas, ay walang matitira sa iyong isang tao sa gabing ito: at yao'y magiging masama sa iyo kay sa lahat ng kasamaan na sumapit sa iyo mula sa iyong kabataan hanggang ngayon.8 Nang magkagayo'y tumindig ang hari, at naupo sa pintuang-bayan. At kanilang isinaysay sa buong bayan, na sinasabi, Narito ang hari ay nakaupo sa pintuang-bayan: at ang buong bayan ay naparoon sa harap ng hari. Nakatakas nga ang Israel bawa't isa sa kaniyang tolda." (2 Samuel 19:1-8)*** Kailangan mong bantayan ang iyong damdamin ng maayos. Hindi ka dapat madala ng iyong damdamin at makisimpatiya sa mga hinatalun ng Dios, sapagkat sa ganoong pag uugali mo inilalagay mo sa kahihiyan ang mga kaibigan ng Dios. Maging may kamalayan sa ganyan at gawin ang iyong makakaya upang malampasan ang iyong damdamin.

***8. <u>Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay hindi nagbibigay ng kaguluhan sa Panginoon o magdagdag ng karagdagang kabigatan sa Kanyang mga kaibigan</u>: "At si Jesus ay sumama sa kanila. At nang siya'y di na lubhang malayo sa bahay, ay nagsugo sa kaniya ang senturion ng mga kaibigan, na nagsisipagsabi sa kaniya, Panginoon, huwag ka nang maligalig, sapagka't di ako karapatdapat na ikaw ay pumasok sa silong ng aking bubungan:" (Lucas 7:6)*** Ang senturion ay sinusubukang iligtas si Jesus sa kaguluhan at hindi kinakailangan paglalakbay at maglaan ng oras at pagsisisi para pumunta sa kanyang bahay. Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay hindi kakailanganin kang gawing ang mga bagay upang pasiyahin sila. Marami ang pinaghahawakan ang mga tradisyonal na gawain at obligado ka nilang anyayahan sila, na mgadala sa kanila ng mga regalo, pumunta sa kanila, at ang iba pang iba pang mga bagay, ay hihingin sa iyo, mula sa kanilang makasariling motibo. Ang mga kaibigan ni Jesus ay magaan sa iyo at hindi ka magdaragdag sa iyo ng mga problema at pasanin mo ng mga bagay na hindi kinakailangan.

***9. <u>Ang mga kaibigan ni Jesus ay ang mga tao na ang kanilang kagalakan ay marinig ang tinig ni Jesus, at yaon si Jesus ay itataas at sila'y ibaba</u>: "26 At sila'y nagparoon kay Juan, at sa kaniya'y sinabi, Rabi, yaong kasama mo sa dako pa roon ng Jordan, na binigyan mong patotoo, narito, siya'y bumabautismo, at ang lahat ng mga tao'y nagsisiparoon sa kaniya. 27 Sumagot si Juan at sinabi, Hindi makatatanggap ng anoman ang isang tao, malibang ito'y ipinagkaloob sa kaniya mula sa langit.28 Kayo man ay magsisisaksi sa akin, na aking sinabi, Hindi ako ang Cristo, kundi, na ako'y sinugo sa unahan niya. 29 Ang nagtatangkilik sa kasintahang babae ay ang kasintahang lalake: datapuwa't ang kaibigan ng kasintahang lalake, na nakatayo at nakikinig sa kaniya, ay nagagalak na lubos dahil sa tinig ng kasintahang lalake: ito ngang aking kaligayahan ay naganap.30 Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y kinakailangang bumaba.31 Ang nanggagaling sa itaas ay sumasaibabaw ng lahat: ang galing sa lupa ay taga lupa nga, at ang ukol sa lupa ang sinasalita niya: ang nanggagaling sa langit ay sumasaibabaw ng lahat." (Juan 3:26-31 KJV)*** Si Juan Bautista ay isang kaibigan ni Jesus. Hindi niya hinahangad ang pagiging sikat o hinahangad na tumanggap ng parangal. Ang kanyang kagalakan ay marinig ang tinig ni Jesus at ang kanyang hinahangad na dapat na bumaba at para kay Jesus na maitaas. *<u>Ang mga kaibigan ni Jesus ay ang mga tao na walang paninibugho sa kanilang mga puso kapag kanilang narinig ang iba na gumagawa ng mabuti, ni naghahangad upang maging sikat o magkaroon ng karangalan. Ngunit ang kanilang kagalakan at kasiyahan ay marinig ang tinig ni Jesus at magpatuloy makisama, makipag usap at makipagkaisa sa Kanya</u>.*

***Sa aking mahal at minamahal:*** Matuto mula sa iba't ibang halimbawa at sa Banal na Kasulatan na nakasulat sa mensaheng ito. Pagnilayan at tingnan kung paano magiging praktikal ang mensahe sa iyong buhay. Tinawag ka ng Dios upang maging Kanyang kaibigan, sa gayon kailangan mong mabago sa pagbabago ng iyong isip at huwag nang makigaya sa huwaran ng sanglibutang ito. Ang sumusunod na ating binasa at pinalawak sa Salita ng Dios ay tungkol sa totoong mga kaibigan ni Jesus, at kailangan mong suriin ang iyong sarili at tingnan kung anong wala sa iyo sa mga puntos na ito sa gayo'y makipagtulungan sa sa Panginoon at sa tulong ng Banal na Espiritu upang mabago.

***1. <u>Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay masipag upang abutin ang nawawala</u>.***
***2. <u>Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay masigasig upang itama ka mula sa iyong mga mali</u>.***
***3. <u>Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay mapagkumbabang mga tao at sila'y hindi naghahangad sa posisyon, pagkilala at parangal</u>.***
***4. <u>Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay hindi kikilos batay sa kaugnayan o batay sa damdamin, kundi sila'y kikilos batay sa mga simulain ng Salita ng Dios</u>.***
***5. <u>Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay ang mga taong na makakakuha ka sa kanila ng totoong payo at masiglang payo</u>.***
***6. <u>Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay mabuting instrumento para sayo upang patalasin ka at tulungan ka na maging mas maayos at epektibo sa iyong ministerio upang maglingkod sa Dios</u>.***
***7. <u>Ang totoong mga kaibigan ng Dios ay tatayo sa tabi mo habang ikaw ay tumatayo para sa Dios</u>.***
***8. <u>Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay hindi magbibigay ng kaguluhan o magdagdag ng karagdagang kabigatan sa Kanyang mga kaibigan</u>.***

***9. <u>Ang totoong mga kaibigan ni Jesus ay ang kanilang kagalakan ay marinig ang tinig ni Jesus, at yaon ay Siya ay itataas  at sila'y ibaba</u>.***

Ngayo tayo ay lumapit sa Panginoon sa pananalangin:

***Ang aking Panalangin:***

*Amang Dios ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Tayo ay magsisi at talikuran ang ating mga kasalanan. Ipahayag ang iyong mga kasalanan ngayon sa Panginoon. Panginoon ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ______________________.*

*Talikuran ang kasalanan ng pagiging makasarili, paghahanap sa iyong sariling benepisyo, ang kasalanan ng pagiging matigas ang ulo, at hindi madaling ituwid, ang kasalanan ng pagkakaroon ng mga kaibigan na hindi kaibigan ni Jesus, ang kasalanan sa pagsunod sa iyong damdamin, at ang kasalanan ng walang kagustuhang abutin ang naliligaw, ang kasalanan ng pagiging masyadong mapagkailangan, at ang kasalanan ng pagsunod sa tradisyonal na mga gawi.*

*Panginoon salamat para sa iyong malinaw na Salita sa akin. Panginoon ako bumabalik sa iyo at nais kong mabago ng iyong Salita at mabuhay ayon sa iyong kalooban sa kabanalan at kalinisan. Linisin mo ako Panginoon, at ganapin ako ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban. Panginoon ako'y nananalangin na ibigay ang lahat ng aking pangangailangan.*

*Panginoon ako'y nananalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang mga sarili upang ma buhay at gawin ang iyong Salita. Panginoon bigyan sila ng higit pang pananampalataya at pagtitiwala sayo. Panginoong Jesus bigyan sila ng higit pang bunga ng Banal na Espiritu na maging kagaya ng sa iyong katangian at pag uugali at yaong mga tao ay makita ka sa pamamagitan ng kanilang buhay. Panginoon ako'y nananalangin na paramihin mo ang mas maraming tao sa amin na mga kaibigan mo.*

*Panginoon kami'y nananalangin bilang isang simbahan. Panginoon puspusin kami ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na yumaon at mag evangelio at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon kami'y nananalangin na paging dapatin kaming makapagtanim ng maraming pag aaral ng Bibilya at maraming kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.